

# Ang 2020 Senso at Pagiging Kompedensiyal

*Ligtas, inaalagan, at protektado ng pederal na batas ang iyong mga sagot sa 2020 Senso. Maaari lamang gamitin ang iyong mga tugon para bumuo ng estadistika – **hindi maaaring gamitin ang mga iyon laban sa iyo sa anumang paraan.** Ayon sa batas, pinapanatiling lubos na kompedensiyal ang lahat ng mga sagot sa mga survey sa sambahayan at negosyo ng Kawanihan ng Senso ng U.S.*

## Sumagot sa 2020 Senso para hubugin ang kinabukasan.

Tumutulong ang pagsagot sa senso sa mga komunidad upang makakuha ng pondo na kailangan nila at nakakatulong sa mga negosyo na gumawa ng mga desisyong naaayon sa data na nakakapagpaunlad ng ekonomiya. Naapektuhan ng data ng senso ang ating pang-araw-araw na pamumuhay, na nagbibigay-alam sa ating mahahalagang desisyon tungkol sa pagpopondo sa mga serbisyo at impraestruktura sa iyong komunidad, kabilang ang pangangalagang pangkalusugan, mga sentro para sa nakatatanda, mga trabaho, politikal na representasyon, mga kalye, mga paaraalan at mga negosyo. Higit sa \$675 billion sa pederal na pagpopondo ang ipinapamahagi sa mga estado at mga lokal na komunidad bawat taon batay sa data ng senso.



## Ligtas at inaalagan ang iyong mga sagot sa senso.

Inaatasan ng batas ang Kawanihan ng Senso na protektahan ang anumang personal na impormasyon na aming kinokolekta at mahigpit na panatilihin itong kompedensiyal. Maaari lamang gamitin ng Kawanihan ng Senso ang iyong mga sagot para bumuo ng estadistika. Sa katunayan, nanunumpa ang bawat tauhan ng Kawanihan ng Senso na protektahan ang iyong personal na impormasyon panghabambuhay. Hindi maaaring gamitin ang iyong mga sagot para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o para tukuyin ang iyong personal na kwalipikasyon para sa mga benepisyo ng pamahalaan.

## Inaatas ng batas na hindi maaaring gamitin ang iyong mga sagot laban sa iyo.

Ayon sa batas, hindi maaaring gamitin ang iyong mga sagot laban sa iyo ng anumang ahensiya ng pamahalaan o ng hukuman sa anumang paraan – hindi ito magagamit laban sa iyo ng Federal Bureau of Investigation (FBI), Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon), Central Intelligence Agency (CIA), Sentrong Ahensiya ng Intelihensiya), Department of Homeland Security (DHS, Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Lupain), at U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE, Pagpapatupad ng Imigrasyon at Adwana). Inaatasan ng batas sa Kawanihan ng Senso na panatilihin kompedensiyal ang iyong impormasyon at gamitin ang iyong mga sagot para lamang bumuo ng mga estadistika.



## Malinaw ang batas – walang maaaring ibahagi na personal na impormasyon.

Sa ilalim ng Titulo 13 ng Kodigo ng U.S., hindi maaaring maglabas ng nakapagpapakilalang impormasyon tungkol sa mga indibidwal, sambahayan, o negosyo ang Kawanihan ng Senso kahit na sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas.

Isinasaad ng batas na ang kinolektang impormasyon ay maaari lamang gamitin para sa mga layuning may kaugnayan sa estadistika at walang iba pa.

Para suportahan ang pananaliksik sa kasaysayan, pinapahintulutan ng Titulo 44 ng Kodigo ng U.S. ang National Archives and Records Administration (Pangasiwaan ng mga Pambansang Artsibo at Tala) na maglabas ng mga tala ng senso pagkatapos lamang ng 72 taon.

Ang lahat ng tauhan ng Kawanihan ng Senso ay may panghabambuhay na panunumpa na protektahan ang iyong personal na impormasyon, at ang anumang paglabag ay may multa nang hanggang \$250,000 at/o hanggang limang taon sa piitan.

2020CENSUS.GOV

D-1254

Bigyang hugis  
ang inyong  
kinabukasan  
MAGSIMULA DITO >

United States®  
Census  
2020

## Wala itong mga pagbubukod.

Inaatas ng batas sa Kawanihan ng Senso na panatiliing kompedensiyal ang impormasyon ng lahat. Inaatas ng batas na hindi maaaring gamitin ang iyong mga sagot laban sa iyo ng alinmang ahensiya ng pamahalaan o ng hukuman sa anumang paraan. Hindi ibabahagi ng Kawanihan ng Senso ang mga indibidwal na sagot sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng imigrasyon, sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas, o pahintulutan na magamit ang impormasyong iyon para tukuyin ang kwalipikasyon para sa mga benepisyo ng pamahalaan. Ginagawang napakalinaw ng Titulo 13 na ang data na aming kinokolekta ay maaari lamang gamitin para sa mga layuning pang-estadistika — hindi namin maaaring pahintulutang magamit ito para sa ibang layunin, kabilang ang pagpapatupad ng batas.

## Ikaw ang magpapasya: maaari kang sumagot online, sa pamamagitan ng sulat, o telepono nang ligtas.

Magkakaroon ka ng opsiyon na tumugon online, sa pamamagitan ng sulat, o telepono. Ang mga sambahayan na hindi tumugon sa alinman sa mga paraang ito ay bibisitahin ng tagakuha ng senso upang kolektahin ang impormasyon nang personal. Alinman ang paraan ng iyong pagtugon, protektado ng batas ang iyong impormasyon.

## Ligtas mula sa pag-hack at iba pang cyberthreat ang iyong mga online na sagot.

Lubos na nag-iingat ang Kawanihan ng Senso upang panatiliing ligtas ang mga online na sagot. Naka-encrypt ang lahat ng data na isinumite online upang protektahan ang personal na pagkapribado, at natutugunan ng aming programa sa cybersecurity ang pinakamataas at pinakabagong pamantayan sa pagprotekta ng personal na impormasyon. Sa oras na matanggap na ang data, wala na ang mga ito online. Mula sa oras na kumokolekta ng mga sagot ang Kawanihan ng Senso, ang aming tuon at legal na obligasyon ay panatiliing ligtas ang mga ito.

## Nakatuon kami sa pagiging kompedensiyal.

Sa Kawanihan ng Senso ng U.S., lubos kaming nakatuon sa pagpapanatiling kompedensiyal ng iyong mga sagot. Ang ibig sabihin ng pangakong ito ay ligtas mong maibibigay ang iyong mga sagot nang may kaalaman na ang mga iyon ay gagamitin lamang para gumawa ng larawan ng estadistika ng ating bansa at mga komunidad.

Matuto ng higit pa tungkol sa proteksiyon ng data at programa sa pagkapribado ng Kawanihan ng Senso sa [www.census.gov/privacy](http://www.census.gov/privacy).



## Nalampasan ng mga batas na pumoprotekta sa personal na impormasyon sa senso ang mga pagsubok.

Noong 1982, kinumpirma ng Korte Suprema ng U.S. na kahit ang mga address ay kompedensiyal at hindi maaaring ilabas sa pamamagitan ng legal na pagkakatuklas o ng Freedom of Information Act (FOIA). Noong 2010, tinukoy ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S. na ang Patriot Act ay hindi nangingibabaw sa batas na pumoprotekta sa pagiging kompedensiyal ng mga indibidwal na sagot sa senso. Walang hukuman ng batas ang maaaring mag-utos na iharap sa hukuman(subpoena) ang mga sagot sa senso.